REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-43**

**KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG PUNONGLUNGSOD MGGL. IGNACIO R. BUNYE UPANG MAPONDOHAN ANG ELECTRIFICATION PROJECT NG SITIO BAGONG SILANG BARANGAY SUCAT, LUNGSOD NG MUTINLUPA SA HALAGANG ANIM NA RAAN SAMPUNG LIBO AT LIMANG DAANG PISO ( P610,500.00) MULA SA COMMUNITY DEVELOPMENT FUND NG PAMAHALAANG LUNGSOD AT PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN NG PAGPAPAUTANG SA SAMAHANG BIGKIS LAKAS NG PAGKAKAISA, INC. SUCAT, MUNTINLUPA CITY.**

---

Ipinanukala ni: Kgg. Rufino B. Joaquin

---

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang mga residente sa Bagong Silang, Barangay Sucat Lungsod ng Muntinlupa sa pamamagitan ng Bigkis-Lakas ng Pagkakaisa . Inc. upang matulungan ng pamahalaang lungsod para sa pangangailangan na gagamitin sa DAEP Electrification Project sa kanilang lugar;

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa Tanggapan ng Inhenyeriya, ang halaga na magagamit sa nasabing proyekto ay maaaring kunin sa DAEP Loans program ng Lungsod ng Muntinlupa na kahalintulad na ipinapahiram sa ibang mga purok ng lungsod;

**SAPAGKAT,** ang kahilingan ng nasabing samahan ay inindorso ng Punonglungsod Mggl. Ignacio R. Bunye para sa pagpapatibay ng Sangguniang Panglungsod na makapagpahiram ng halagang Anim na raan Sampung Libo at Limang Daang Piso (P610, 500.00) upang magamit sa pagbili ng mga materyales na kakailanganin upang maisakatuparan ang nabanggit na proyekto;

**SAPAGKAT,** ang pondong gagamitin sa nasabing proyekto ay magmumula sa Communtiy Development Fund ng Lungsod ng Muntinlupa at babayaran ng samahan sa loob ng isang taon matapos na ito ay mapabigay;

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN** ng Sangguniang Panglungsod na bigyan ng kapangyarihan ang Punonglungsod Kgg. Ignacio R. Bunye upang mapondohan ang electrification project ng Sitio Bagong Silang, Barangay Sucat, Lungsod ng Muntinlupa, sa halagang Anim na Raan Sampung Libo at Limang Daang Piso (610,500.00) na kukunin sa Community Development Fund ng Pamahalaang Lungsod at pumasok sa isang kasunduan ng pagpapautang sa Samahang Bigkis Lakas ng Pagkakaisa, inc. Sucat, Muntinlupa.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **09 Hunyo 1997** sa ginanap na **ika-85** Regular na Sesyon.

**SUMANG-AYON:**

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

Victor L. Ulanday

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN:**

**MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**KGG. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa: ______________